

Advisory No. 26, s. 2017

February 7, 2017

In compliance with DepEd Order No. 8, 2013  
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,  
but for the information of DepEd officials,  
personnel/staff, as well as the concerned public.  
(Visit [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph))

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO NG *DE LA SALLE UNIVERSITY*-MANILA  
DEPARTAMENTO NG FILIPINO

Ang Departamento ng Filipino ng *De La Salle University (DLSU)-Manila*, ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar-Worksyap 2017* na may temang *Sipat-Suri, Literasi, at Kompetensi: Ang Midya at Wikang Filipino sa Pagtuturo at Pagkatuto Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo*, na gaganapin mula ika-26 hanggang ika-29 ng Abril, 2017 sa Yuchengco 407-409, DLSU, Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa paggamit ng iba't-ibang midya sa pagtuturo ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't-ibang antas;
2. mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa iba't ibang antas;
3. makatulong sa *retooling* ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't ibang antas; at
4. makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo ng/sa Filipino sa iba't ibang antas.

Inaasahang lalahok sa nasabing seminar ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan na mula sa iba't ibang antas.

Ang mga dokumento kaugnay ng Pambansang Seminar 2017 ay maaaring makuha sa [www.facebook.com/PambansangSeminar](http://www.facebook.com/PambansangSeminar).

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina:

- Ms. Marilou Bagona
- Dr. Rhoderick V. Nuncio
- Dr. David Michael M. San Juan  
De La Salle University-Manila  
Taft Avenue, Manila  
Telepono: (02) 668-2953  
Telefax: (02) 524-4611 loc. 506; 552  
Mobile: 0927-242-1630  
Email: [rhodnuncio@gmail.com](mailto:rhodnuncio@gmail.com); [dmmsanjuan@gmail.com](mailto:dmmsanjuan@gmail.com)